U.S. Small Business Administration

# BALITANG INILALABAS

## Disaster Field Operations Center West

**Petsa ng Release:** Aug. 15, 2023
**Numero ng Release:** HI 18061-01

**Kontak ng Media:** Mark W. Randle,
(916) 735-1500, Mark.Randle@sba.gov
**I-follow Kami sa** Twitter, Facebook, Blogs at Instagram

### Handa ang SBA na Tulungan ang mga Negosyo at Residente ng Hawaii na Apektado ng Wildfires

**SACRAMENTO, Calif.** – Maaari na ngayong makakuha ng mga pederal na pautang pangkalamidad ang mga negosyo at residente ng Hawaii alinsunod sa deklarasyon ni Pangulong Biden sa malubhang kalamidad, ayon kay Administrator Isabella Casillas Guzman ng U.S. Small Business Administration.

Saklaw ng deklarasyon ang Maui County bunsod ng mga wildfire na nagsimula noong Agosto 8.

"Handang tumulong ang nakatuon sa misyong team ng SBA sa maliliit na negosyo at residenteng apektado ng mga wildfire," sabi ni Administrador Guzman. "Layunin namin ang mabilis at episyenteng pagbibigay ng mga pederal na pautang pangkalamidad, sa paraang nakasentro sa kostumer para tulungang makabawi at makatayo ang mga negosyo at komunidad."

Ang mga negosyo, anuman ang laki, at pribadong nonprofit na mga organisasyon ay maaaring umutang ng hanggang $2 milyon para ipaayos o palitan ang mga nasira o napinsalang ari-arian, makinarya at kagamitan, imbentaryo, at iba pang mga asset ng negosyo. Maaari ding magpautang ang SBA ng karagdagang mga pondo sa mga negosyo at may-ari ng bahay para makatulong sa pagbabayad ng mga gastusin sa pagpapaayos sa layuning maprotektahan, maiwasan, o mabawasan ang mga pinsala ng mga kalamidad sa hinaharap.

Para sa maliliit na negosyo, maliliit na kooperatibang agrikultural, maliliit na negosyo sa aquaculture, at sa karamihan ng pribadong nonprofit na mga organisasyon anuman ang laki, nag-aalok ang SBA ng Economic Injury Disaster Loans para makatulong sa pagtugon sa mga pangangailangan sa working capital na dulot ng kalamidad. Maaaring makakuha ng tulong para sa ekonomikong pinsala ang mga negosyo ano man ang pinsala sa ari-arian.

Maaaring makakuha ng mga pautang pangkalamidad ang mga may-ari ng bahay ng hanggang $500,000 para ipaayos o palitan ang mga napinsala o nasirang ari-arian. Maaaring makakuha ang mga may-ari o umuupa ng bahay ng hanggang $100,000 para ipaayos o palitan ang mga napinsala o nasirang personal na ari-arian, kabilang ang mga personal na sasakyan.

Umaabot lang sa 4 na porsiyento ang rate ng interes para sa mga negosyo, 2.375 porsiyento para sa pribadong nonprofit na mga organisasyon, at 2.5 porsiyento para sa mga may-ari at umuupa ng bahay na babayaran sa loob ng hanggang 30 taon. Ang mga halaga at term ay itinatakda ng SBA at nakabatay ang mga ito sa kondisyong pinansiyal ng bawat aplikante.

Para makonsidera sa lahat ng uri ng tulong pangkalamidad, kailangan munang makipag-ugnayan ng mga apektadong tao sa Federal Emergency Management Agency sa www.disasterassistance.gov. Kapag nagbukas ang Federal-State Disaster Recovery Centers sa mga apektadong lugar, isa-isang tutulungan ng SBA ang mga aplikante ng pautang pangkalamidad. Makukuha ang karagdagang impormasyon at mga detalye ng lokasyon ng mga sentro para sa pagbangon mula sa kalamidad sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service Center ng SBA sa (800) 659-2955.

###

**Tungkol sa U.S. Small Business Administration**

Tumutulong ang U.S. Small Business Administration na itaguyod ang pangarap na magmay-ari ng negosyo sa Amerika. Bilang natatanging takbuhan at tinig ng maliliit na negosyo na pinalalakas ng pamahalaang pederal, binibigyan ng SBA ng kapangyarihan ang mga negosyante at may-ari ng maliit na negosyo ng mga mapagkukunan at suportang kailangan nila para masimulan, mapalago, at mapalawak ang kanilang mga negosyo, o makabangon mula sa idineklarang kalamidad. Nagseserbisyo ito sa pamamagitan ng malawak na network ng mga field office ng SBA at pakikipagsosyo sa publiko at pribadong mga organisasyon. Para sa higit pang detalye, magpunta sa www.sba.gov.